

Madalas Itanong na mga Katanungan

Ano ang Ranked-Choice Voting?

Ang Ranked-Choice Voting o “Instant Run-Off Voting” ay nagpapahintulot sa mga botante na ihanay at pagsunod-sunurin hanggang sa tatlong kandidato ang kanilang kagustuhan kapag nagmamarka ng balota. Ang Ranked-Choice Voting ay nag-aalis ng pangangailangan para sa run-off elections, at pinagtibay na gamitin sa Berkeley, Oakland at San Leandro.

Mabibilang ba ang aking ibinoto ng tatlong beses na parehong kandidato?

Oo. Ang iyong boto ay mabibilang ng isang beses lamang sa kandidatong iyon.

Mabibilang ba ang aking boto kung isa lamang ang aking pinili?

Oo. Ang iyong piniling iboto ng isang beses ay mabibilang

Papaano binibilang ang mga boto sa Ranked-Choice Voting?

Sa Ranked-Choice Voting, kung ang isang kandidato ay makakatanggap ng mayoriya (50% + 1) ng mga boto sa unang hanay ng pagpili para sa tungkuling yaon, ang kandidato ay mahahalal. Subali’t, kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayoriya sa boto na isinaganap sa unang hanay ng pagpili, ang proseso ng eliminasyon ay magsisimula.

Ang kandidato na tumanggap ng pinaka maliit na boto sa unang hanay ng pagpili ay tatanggalin. Sunod, baw’t botong isinaganap para sa kandidatong iyon ay ililipat sa sunod na kagustuhan ng botante sa mga nalalabi pang mga kandidato. Ang proseso ng eliminasyong ito ay magpapatuloy hanggang mayroong isang kandidato na makakatanggap ng mayoriya at matatanghal na panalo.

Papaano ko mamarkahan ang balota ng Ranked-Choice Voting?

Ang balota ng Ranked-Choice Voting ay dinibuho sa isang magkakatabing -hanay na ayos at inilista ang mga pangalan ng lahat ng kandidato sa tatlong inuulit na mga hanay. Ang ayos na ito ay nagpapahintulot sa botante na pumili ng kaniyang unang kagustuhan sa unang hanay, pangalawang kagustuhan sa pangalawang hanay, at pangatlong kagustuhan sa pangatlong hanay. Ipagkakabit ng mga botante ang ulo at huli ng palaso na katabi ng pangalan ng kandidatong kanilang napili.

Kailangan ko bang i-ranggo o pagsunod-sunurin ang tatlong kandidato para sa baw’t tungkulin?

Hindi. Ang isang botante ay maaari – subali’t hindi kinakailangang – i-ranggo o pagsunod-sunurin ang tatlong kagustuhan sa baw’t tungkulin. Kung mayroong mas kakaunti sa tatlong kandidato para sa parehong tungkulin, o kaya’y kung pagsunod-sunurin o kung i-ranggo ang mas kakaunti sa tatlong kandidato, maaari mong iwanang blangko ang mga natitirang hanay.

Kung gusto ko talagang manalo ang aking unang kagustuhan na kandidato, dapat bang i-ranggo ko siya bilang una, pangalawa at pangatlong kagustuhan?

Hindi. Ang pag-ranggo ng isang kandidato ng mas mahigit sa isang beses ay hindi magiging kapakinabangan sa kandidato. Kung ini-ranggo ng botante ang isang kandidato bilang kaniyang una, pangalawa at pangatlong kagustuhan, ito ay pareho rin na parang iniwan ang pangalawa at pangatlong kagustuhan na blangko. Sa madaling salita, kung ang kandidato ay natanggal, ang kandidatong ito ay hindi na maaring tumanggap ng pangalawa at pangatlong mga kagustuhang boto.

Maaari ko bang bigyan ang mga kandidato ng parehong ranggo?

Madalas Itanong na mga Katanungan

Hindi. Kung bibigyan ng botante ang mas mahigit sa isang kandidato ng parehong ranggo, ang boto ay hindi mabibilang. Isa lamang kandidato ang maaaring kumatawan sa una, pangalawa o pangatlong kagustuhan ng botante.

Maaari bang isulat ang pangalan ng kandidato sa aking balota sa kahit saang hanay?

Oo. Bawa't hanay ay naglalaan ng patlang para sa mga kwalipikadong-isinusulat lamang na mga kandidato. Ang mga kwalipikadong isinusulat lamang na kandidato ang maaaring tumanggap ng mga boto. Pagkatapos maisulat ang pangalan ng kwalipikadong kandidato, siguraduhing pagkabitin ang ulo at huli ng palaso sa katabi ng patlang.

Magkakaroon ba ng kasunod na run-off?

Hindi. Ang Ranked-Choice Voting ay nag-aalis ng pangangailangan para sa isang halalang run-off.

Papaano kung mayroon pa akong karagdagang mga tanong?

Kung mayroon kang karagdagang mga tanong tungkol sa rank-choice voting, maki tawag sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng Mga Botante sa County ng Alameda sa (510) 272-6933.